
Tres Muskiteras
KASAYSAYANG IDINURUGTONG SA "TRES MUSKITEROS" NI ALEJANDRO DUMAS
IKA-8 labas
BUOD NG Sinundang KABANATA
ISINALAYSAY NAMAN NI CAMILLE ANG MGA UNANG TAGPO NG PAG-IIBIGAN NILA NI PORTHOS, ANG MAPUSOK AT MAPANUDYONG MUSKITERO NG HARI. IYO'Y NAGSIMULA SA HALAMANAN NINA CAMILLE NANG DOO'Y MANGANLONG SI PORTHOS NA NOO'Y TINUTUGIS NG MGA GUWARDIYA NG KARDINAL. KINAGABIHAN NG ARAW NA IYON AY NAGHARANA SI PORTHOS AT NANGAHAS NA UMAKYAT SA TUTULUGANG SILID NI CAMILLE.
PAANO MO NALAMAN ANG AKING PANGALAN?
ITINANONG KO SA IYONG MGA BULAKLAK AT IBINULONG NILA SA AKIN SA HIHIP NG HANGIN!
KATHANG-ISIP ni Fernando B. MONLEON
Guhit ni Tony S. de LEON, Jr.
HINDI KO AKALAING MAY BASTOS DIN PALA SA MUSKITERO NG HARI!
BAWIIN MO ANG SINABI MONG IYAN, KUNG HINDI AY HAHAGKAN KITA!
ANG LAWAY NA NAILURA KO NA AY HINDI KO NA MAAAMIN PANG IBALIK SA AKING BIBIG!


SUKAT SA PAG-MAMATIGAS KONG IYON AT HINAPIT AKONG BUONG HIGPIT AT IKINULONG SA KANYANG MATITIPUNONG BISIG. NAGTANGKA AKONG HUMULAGPOS AT SUMIGAW, SUBALI'T SA AKING MGA LABI'Y MARIING INILAPAT NG SALBAHE ANG KANYANG MGA LABING NAG-AAPOY SA PAG-IBIG...
ANG INGAY SA AKING SILID AY DILI DI NAKAPUKAW SA AKING TIYA NA NATUTULOG NOON SA KANYANG SILID NA NASA KABILANG DULO NG AMING TAHANAN. KAYA'T...
TOK! TOK! TOK!
CAMILLE... CAMILLE...
BAKIT, CAMILLE, MAY NANGYAYARI BA RITO?
WALA PO, TIYA, NANAGINIP PO LAMANG AKO!
NANG MAKABALIK NA ANG AKING TIYA SA KANYANG SILID, AY...
SALAMAT, CAMILLE, NG BUHAY KO. ANG GINAWI MO'Y PAGPAPATUNAY NA AKO'Y MINAMAHAL MO RIN... HINDI BA?
AT AYWAN KO KUNG BAKIT, NAIHATID KO PA ANG LAPASTANGAN HANGGANG SA BUNGAD NG BERANDA. KAPAGKUWA'Y MABILIS NA NAMANG DINAMPOT ANG AKING KAMAY AT...
PAALAM ANG IYONG TALISUYO!
MULA NOO'Y: MALIMIT NA KAMING MAGTALIK NI PORTHOS SA AMING HALAMANAN...
2


MASDAN MO, CAMILLE, YAONG MAG-KASUYONG ISDA AT ANAKIN NAKIKIPAG-USAP SA PALABANG BUWAN...
OO, PORTHOS, KAGAYA RIN NATIN SILANG NANGANGARAP SA KALANGITAN NG BUHAY!
AT AKO'Y TINURUAN DIN NIYA NG PANGANGABAYO...
GAYON DIN NG PAGHAWAK NG ESPADA...
SUBALI'T APAT NA BUWAN LANG HALOS ANG ITINAGAL NG AMING MATIMYAS NA PAGTATALIK... AT ISANG HATING-GABI RIN NOON, GAYA RIN HALOS NG ORAS AT ARAW NG HULING PAKIKIPAGKITA NI ATHOS KAY ALVIZ, ISANG...
SWWIIII-UUUUU IIITTT!
MAHAL KO, ANO'T NAPASUGOD KA SA ALANGANG ORAS NA TULAD NITO?
BUHAY NG BUHAY KO...MGA DALAWANG ORAS PA MULA NGAYON AT ISANG BIGLANG GAYAK NA PAKIKIPAGSAPALARAN ANG AKING KAKAHARAPIN. IYAN ANG SANHI KUNG BAKIT AKO AY NARITO NGAYON. GAYON MAN, INAASA-HAN KONG SA AKING PAGBABALIK AY DARATNAN KITANG NAGHIHINTAY AT UMIIBIG PA RIN! PAALAM, CAMILLE, NG PUSO KO!
SA SUSUNOD NA KABANA-TA NAMAN AY SI VENIR ANG MAGSASALAY-SAY. IBUBUHAY NIYA ANG KANYANG BANAL NA PAKIKIPAG-IBIGAN KAY ARAMIS, ANG RELIHIYO-SONG MUS-KITERO NG HARING LUIS XIII NG PRANSIYA.
ABANGAN ANG KARUGTONG!